# *Ang Buhay pagkatapos ng Kamatayan Yugto 14*
# *Pahayag Mga kabanata 13*
# *Ang Pangalawang Pagparito ni Cristo – Ang Kapighatian*

Ipagpapatuloy natin sa mensaheng ito ang ating talakayan tungkol sa kabilang-buhay at ang mga pangyayari sa ikalawang pagparito ni Cristo at ang panahon ng kapighatian mula sa aklat ng Pahayag.

Dito sa ***Pahayag 13,*** tayo ay nasa pangalawang kalagitanan ng panahon ng kapighatian at makikita natin ang digmaan na magpapatuloy laban sa Kaharian ng Dios, sa kung saan gagamitin ni Satanas ang mga hayop sa lupa upang labanan ang Dios sa paggamit ng panlilinlang upang dayain ang mga tao. Dito din ay malalaman ang tungkol sa bilang ng 666; kaya, ating basahin at pagnilayan:

***"1 At siya'y tumayo sa buhanginan ng dagat. At nakita ko ang isang hayop na umaahon sa dagat, na may sangpung sungay at pitong ulo, at sa kanilang mga sungay ay may sangpung diadema, at sa kaniyang mga ulo ay mga pangalan ng kapusungan.*** (Ito ang unang hayop upang makilala ito mula sa pangalawang hayop na makikita natin sa talata 11 gaya ng mababasa natin dito, ***"11 At nakita ko ang ibang hayop na umaahon sa lupa; at may dalawang sungay na katulad ng sa isang kordero, at siya'y nagsasalitang gaya ng dragon."*** Ang unang hayop ay gagamitin ni Satanas sa panahon ng kapighatian Maaaring umahon ito at maaaring kumatawan sa masa ng sangkatauhan. Ang hayop ay aahon mula sa dagat tulad ng mababasa natin dito, ***At nakita ko ang isang hayop na umaahon sa dagat,*** Ang dagat ay kadalasang ginagamit bilang metapora upang ilarawan ang maraming tao o kapangyarihan ng tao; pareho ng napansin namin sa dagat na nasa harap ng luklukan sa ***Pahayag 4:6 "At sa harapan ng luklukan, ay wari na may isang dagat na bubog na katulad ng salamin; at sa gitna ng luklukan, at sa palibot ng luklukan, ay may apat na nilalang na buhay na puno ng mga mata sa harapan at sa likuran."*** Bago ang luklukan ay ang dagat na bubog na malamang ay kumakatawan sa dami ng mga tao. Ang pareho dito sa ***Pahayag 13*** ang dagat ang kumakatawan sa dami ng mga tao; halimbawa ang mga bansa ay babangon sa kapangyarihan ng may isang namumuno at kapangyarihan, gaya ng hayop dito para dalhin ang kapusungan, kaguluhan, at pandaraya sa mga tao sa pagdadala sa kanila palayo sa Dios, ***"na may sangpung sungay at pitong ulo, at sa kanilang mga sungay ay may sangpung diadema, at sa kaniyang mga ulo ay mga pangalan ng kapusungan."*** Batay dito, ang unang hayop na ito ay may sumusunod na mga natatanging katangian: 1. Kaalaman na kinakatawan ng ***"pitong ulo"***. 2. Kapangyarihan na kumakatawan sa ***"sampung sungay"***. 3. Awtoridad na kumakatawan sa ***"sampung putong"***.. Ang pangunahing katangian ng hayop ay, ***"sa kanyang mga ulo ang pangalan ng kalapastanganan"***, sa paglapastangan sa Dios, kay Cristo at sa Banal na Espiritu.) ***2 At ang hayop na aking nakita ay katulad ng isang leopardo, at ang kaniyang mga paa ay gaya ng sa oso, at ang kaniyang bibig ay gaya ng bibig ng leon: at ibinigay sa kaniya ng dragon ang kaniyang kapangyarihan, at ang kaniyang luklukan, at dakilang kapamahalaan.*** (Ang iba pang katangian ng hayop ay para manlinlang na kumakatawan sa, ***"katulad ng isang leopardo,*** at sa pagiging mapanganib na mayroong, ***"at ang kaniyang mga paa ay gaya ng sa oso",*** at nakakatakot sa pagkakaroon ng, ***"at ang kaniyang bibig ay gaya ng bibig ng leon".*** Ang unang hayop na ito binigyan ng kapangyarihan, pagkakataon at awtoridad mula kay Satanas, ang dragon, gaya ng mababasa natin dito, ***"at ibinigay sa kaniya ng dragon ang kaniyang kapangyarihan, at ang kaniyang luklukan, at dakilang kapamahalaan.") 3 At nakita ko ang isa sa kaniyang mga ulo na waring sinugatan ng ikamamatay; at ang kaniyang sugat na ikamamatay ay gumaling: at ang buong lupa'y nanggilalas sa hayop;*** (Isa sa mga ulo ay nasugatan malamang upang lumikha lamang ng drama para linlangin ang mga tao at maniwala ang mga tao na si Satanas ay may kapangyarihang magpagaling. Pagkatapos sa gayon, ang mga tao at ang mundo sa kapighatian ay tutugon sa unang hayop na may paghanga at pagtataka dahil ito ay gumaling mula sa isang mortal na sugat.

Ang diablo ay karaniwang lilikha ng mga salaysay at pangyayari upang akitin ang pansin, damdamin at paghanga sa gayo'y sa huli'y upang linlangin ang mga tao upang magamit ang kanyang plano. Sila'y mamangha at magtataka sa bulaang pagpapagaling na ibinigay ni Satanas sa isa sa mga ulo ng unang hayop. Ang mga huwad na himala ay maaaring gawin at paglayunin ni Satanas na hayaan ang mga tao na iwanan si Cristo at sumunod sa kanya. Kaya kailangan nating malaman ang mga huwad na himala na maaaring gawin ng diablo at ng kapangyarihan ng kadiliman upang linlangin tayo.) ***4 At sila'y nangagsisamba sa dragon, sapagka't ibinigay niya ang kaniyang kapamahalaan sa hayop; at nangagsisamba sa hayop, na nangagsasabi, Sino ang kagaya ng hayop? at sinong makababaka sa kaniya?*** Ang mga nasawing tao na nalinlang sila'y ihahandog na magsisisamba kay Satanas, sa dragon at sa hayop, dahil batid ng sanglibutan ang kapangyarihan ng hayop ay mula sa Satanas, iniisip na wala ni isang mananaig sa labanan laban sa kanya at sa kanyang unang hayop. Sa gayon susubukan ng diablo na takpan ang kanyang pagkagapi sa ***Pahayag 12.*** Tingnan kung paanong ang panlinlang ay malaki at lalamunin ang mga tao at ang kanilang pananampalataya sa Dios. Kaya, kailangan nating maging maingat at maingat na kahit makakita tayo ng mga himala at kababalaghan na hindi nagawa sa pangalan ni Jesus at hindi ginawa nang naayon sa Kanyang Salita hindi tayo malilinlang sa pamamagitan ng mga ito.) ***5 At binigyan siya ng isang bibig na nagsasalita ng malalaking bagay at mga kapusungan: at binigyan siya ng kapamahalaan, upang magpatuloy na apat na pu't dalawang buwan.*** (Si Satanas, ang ang

nag-akusa sa mga kapatid, ay nilagyan ang hayop ng bibig upang magsalita ng mga dakilang bagay at mga kalapastanganan; magyabang at magsalita ng mayabang na mapagmataas na bagay laban sa Dios at laban sa Kanyang Cristo; ***"at binigyan siya ng kapamahalaan, upang magpatuloy na apat na pu't dalawang buwan."*** Ang unang hayop ay binigyan ng kapangyarihan mula kay Satanas upang magpatuloy para sa tatlo at kalahating taon, marahil mapapagpasyahan natin na ito ang pangalawang kalahati ng Kapighatian.) ***6 At binuka niya ang kaniyang bibig sa mga kapusungan laban sa Dios, upang pusungin ang kaniyang pangalan, at ang kaniyang tabernakulo, gayon din naman ang mga nananahan sa langit.*** (Dito ang unang hayop ay binuksan ang kanyang bibig sa pagmumusong laban sa Dios, laban sa Kanyang pangalan, labans sa Langit, laban sa Kanyang lugar ng pagsamba, ***ang kaniyang tabernakulo,*** na marahil ay sa Langit, at o sa lupa hanggang tayo'y marapture at kunin ng Panginoon. Ang hayop ay nagsalita ng pamumusing laban sa kanila, ***gayon din naman ang mga nananahan sa langit"***; ang mga banal na kinuha na ng Panginoon sa rapture, at nasa Langit.) ***7At ipinagkaloob sa kaniya na makipagbaka sa mga banal, at pagtagumpayan sila; at binigyan siya ng kapamahalaan sa bawa't angkan at bayan at wika at bansa.*** (Ang unang hayop ay binigyan ng kapangyarihan na makipaglaban sa mga banal upang magtagumpay sa kanila at gawin silang tumalikod kay Cristo. Ang unang hayop ay makikipagdigma laban sa lahat ng bansa upang pilitin silang sumunod sa kanya. Magaganap ito sa ikalawang tatlo't kalahating taon ng kapighatian.) ***8 At ang lahat ng nangananahan sa lupa ay magsisisamba sa kaniya, na ang kanikaniyang pangalan ay hindi nasusulat sa aklat ng buhay ng Cordero na pinatay buhat nang itatag ang sanglibutan.*** (Ang mga taong hindi naligtas lamang sa panahon ng kapighatain ang sasamba sa kanya, kaysa kay Cristo ang Kordero, dahil sa panlilinlang at dahil sa kanilang kawalang kahandaang sundin si Cristo at magdusa para sa Kanyang kapakanan. Kaya maging maingat at malaman na ang diablo ay maaring linlangin ka at gawin kang matakot upang magdusa upang sundin siya at sambahin siya. Kaya labanan siya, manindigan sa pananampalataya, at maging handang magdusa para kay Cristo at sa gayon sa iyo ang kaligtasan.) ***9 Kung ang sinoman ay may pakinig, ay makinig.*** (Narito ay panibagong babala na ibinigay sa mga mananampalataya sa panahon ng panahong ito ng kapighatian. *Ang babala dito ay dahil sa mga nagbalik loob sa panahon ng kapighatian ang kanilang pananampalataya ay susubukin ng may nangangalit na pag uusig na malamang na ikamamatay nila kung saan kailangan nilang magtiis upang sila ay mabuhay na mag-uli upang kunin ng Panginoon. * Kaya nga sa mga pangyayaring tinalakay natin na magaganap, mas mabuting magsisi kayo ngayon kaysa maghintay ng panahon ng kapighatian.) ***10 Kung ang sinoman ay sa pagkabihag, ay sa pagkabihag paroroon siya: kung ang sinoman ay papatay sa tabak, ay dapat siyang mamatay sa tabak. Narito ang pagtitiyaga at ang pananampalataya ng mga banal.*** (Ang babala dito ay inilabas ang tungkol sa paghatol sa mga pinilit ang kanilang sariling paraan upang takasan ang pagdurusa mula sa pagkabihag at mula sa tabak; na walang ibang paraan kundi pagdaanan nila ito sa panahon ng kapighatian upang maligtas. Kaya ang katangian ng pagtitiyaga ng may pagtitiis at pananampalataya ay kinakailangan na mapanatili ng mga mananampalataya. At gaya din nang nabanggit natin dati, sa panahon ng kapighatian ang mga nanampalataya, sila'y sasailalim sa matinding kapangyarihan ng pag uusig na hindi maaaring baligtarin o buwagin, at walang pagtakas mula sa itinakda ng Dios ng pagkabihag o tabak, na nauukol sa ikalawang tatlo at kalahating taon ng panahon ng kapighatian.) ***"11 At nakita ko ang ibang hayop na umaahon sa lupa; at may dalawang sungay na katulad ng sa isang kordero, at siya'y nagsasalitang gaya ng dragon.*** (Ang pangalawang hayop dito ay lumitaw mula sa lupa,. Siya ay lumitaw na katulad ni Cristo, umaahon mula sa lupa, na parang siya ay nabuhay gaya ng pagkabuhay ni Cristo,, sa pagiging sa isang anyo ng isang kordero o sa katulad sa isang kordero na may dalawang sungay gaya ng mababasa natin dito, ***"at may dalawang sungay na katulad ng sa isang kordero"***, Ngunit ang kanyang pagsasalita ay maglalantad sa kanya gaya ng mababasa natin dito, ***"at siya'y nagsasalitang gaya ng dragon"***, na siya'y magsasalita ng kasinungalingan, pagmamataas, panlilinlangg at masama, gaya ng dati para sa wika ni Satanas, ang dragon na magsalita. Samakatuwid, kahit ngayon kailangan nating maging maingat at mapanuri upang makilala ang tinig ni Satanas mula sa tinig ng Banal na Espiritu.) ***12 At kaniyang isinasagawa ang buong kapamahalaan ng unang hayop sa kaniyang paningin. At pinasasamba niya ang lupa at ang nangananahan dito sa unang hayop, na gumaling ang sugat na ikamamatay.*** (Siya ay may kapangyarihan tulad ng unang hayop, at kaya niyang manlinlang at manghikayat sa mga tao, ***"at pinasasamba niya ang lupa at ang nangananahan dito sa unang hayop, na gumaling ang sugat na ikamamatay.*** Pinasamba niya ang hindi naligtas sa lupa sa unang hayop na ang sugat ay gumaling sa pamamagitan ng isang huwad na himala. Samakatuwid, kailangan nating maging mapagmasid tungkol sa mga huwad na pagpapagaling at mga huwad na himala dahil maging si Satanas ay maaaring gumawa ng mga pagpapagaling at mga tanda at kababalaghan upang linlangin ang mga hinirang, at sa gayong dahilan kailangan nating maging mapagbantay.) ***13 At siya'y gumagawa ng mga dakilang tanda, na ano pa't nakapagpapababa ng kahit apoy mula sa langit hanggang sa lupa sa paningin ng mga tao.*** (gumawa siya ng mga tanda, tulad ng apoy mula sa Langit upang linlangin lamang ang mga hindi naligtas, na siya ay may makaLangit na kapangyarihan, upang panatilihin silang maniwala sa kanya at sumunod sa kanya sa halip sa pagsunod kay Cristo.) ***14 At nadadaya niya ang mga nananahan sa lupa dahil sa mga tanda na sa kaniya'y ipinagkaloob na magawa sa paningin ng hayop; na sinasabi sa mga nananahan sa lupa, na dapat silang gumawa ng isang larawan ng hayop na mayroon ng sugat ng tabak at nabuhay.*** (Siya ay manlilinlang sa pamamagitan ng mga tanda na kayang niyang gawin, at akitin ang hindi naligtas at upang gumawa sila ng imahe sa unang hayop na nasugatan ng tabak at gumaling at muling nabuhay.) ***15 At siya'y pinagkaloobang makapagbigay ng hininga sa larawan ng hayop, upang ang larawan ng hayop ay makapangusap, at maipapatay naman ang lahat ng hindi sumasamba sa larawan ng***

***hayop.*** (Siya ay may kapangyarihan na pagkalooban ng hininga ang larawan ng unang hayop, na ginawa niyang magsalita ang larawan ng unang hayop, at sa paggawa niyaon ay sinikap niyang hayaang patayin ang larawan ng unang hayop na sinasamba ng mga nasawi, Ang gayong uri ng mga himala ay ang pagkamangha ng mga tao upang sumunod sa kanya, at maging dahilan din upang patayin ang mga taong ayaw sumamba sa larawan ng hayop. Samakatwid, sa pagpatay sa mga yaong tumangging sumamba sa larawan ng unang hayop; kaya gagamitin niya ang pag-uusig para pilitin silang lumayo sa Dios.) ***16 At ang lahat, maliliit at malalaki, at mayayaman at mga dukha, at ang mga laya at ang mga alipin ay pinabigyan ng isang tanda sa kanilang kanang kamay, o sa noo;*** (Ang pangalawang hayop na ito ay tatakan ang hindi mga mananampalataya sa kanilang kanang kamay at sa kanilang noo. Pagkakalooban niya ang lahat ng mga hindi mananampalataya na magkaroon ng mga tanda sa kanila dahil handa silang sumunod sa kanya.) ***17 At nang huwag makabili o makapagbili ang sinoman, kundi siyang mayroong tanda, sa makatuwid ay ng pangalan ng hayop o bilang ng kaniyang pangalan.*** (Ang pangunahing tungkulin ng tanda ng hayop ay ang pagkontrol sa komersyo, na walang transaksyon na magaganap, at walang sinumang tao ang maaaring bumili o magbenta nang walang tanda sa kanang kamay o sa noo. Ibig sabihin, kung walang tanda ng hayop ang isang tao, hindi siya makakabili at makapagbebenta. Tungkol ***"sa tanda, sa makatuwid ay ng pangalan ng hayop o bilang ng kaniyang pangalan."*** kung iiugnay natin ito sa inbensyon ng microchip na inilagay sa kanang kamay o sa noo, kung gayon ay mula sa teknikal na punto ng pananaw kung kukunin natin ang mga pagpipilian sa anatomikal, maaari nating itanong ito: Bakit sa gayon ay hindi ito upang ipasok sa iba pang mga bahagi ng katawan, halimbawa sa kaliwang kamay, o ang kaliwang hita o sa tiyan Maaaring literal na maganap ito at ang mga microchips ay ipasok sa kanang kamay at sa noo, ngunit sa matalinghagang paraan ang kanang kamay ng tao ay ang kamay ng kapangyarihan upang kumita ng pamumuhay. Kaya sa halip na magtiwala sa Dios para sa kanilang pamumuhay ay magtitiwala sila sa hayop at tanda ng hayop at sa kapangyarihan ng diablo sa mga huwad na himala at sa mga katiwalian bilang pagmumulan ng kanilang pamumuhay. Ang tanda sa noo sa matalinhangang kahulugan sa halip na magtiwala sa Dios at sundin Siya, sila'y magtitiwala sa hayop at mapalapit sa hayop at mapasa ilalim sa kanya, Kaya ngayon sa halip ng unahin ang Dios at sundin Siya nang buong puso, susundin nila ang hayop bilang pagmumulan ng patnubay at inspirasyon. Samakatuwid anuman ang anyo ng, ***"tanda, sa makatuwid ay ng pangalan ng hayop o bilang ng kaniyang pangalan"***. ang layunin nito ay pigilin ang kalakalan, ang pagbebenta at ang pagbili. Ang tanda ng hayop ito ay maaring literal na magaganap at mangyayari sa panahon ng pangalawang panahon ng kapighatian, ngunit higit pang mapanganib kaysa dito ay kapag pinalitan ng mga tao ang kanilang pagtitiwala sa Dios sa hayop, kay Satanas, sa dragon.) ***18 Dito'y may karunungan. Ang may pagkaunawa ay bilangin ang bilang ng hayop; sapagka't siyang bilang ng isang tao: at ang kaniyang bilang ay Anim na raan at anim na pu't anim.*** Tandaan: ***"Dito'y may karunungan"***, sa panahon ng kapighatian, gagamitin ni Satanas ang hindi pangkaraniwang panglilinlang sa lupa; ngunit ang pangunahing kalasag laban sa pamumusong ng pangalawang hayop at pamumusong ng unang hayop ay isang panawagan na magkaroon ng karunungan mula sa Dios na sasalungat sa panlilinlang. Kahit ipagpalagay na gagawin nila ang microchip at ipasok ito at ang mga walang hawak nito ay hindi makakabili at makapagbenta at makakakuha ng kanilang mga gamit; huwag balewalain ang ating pananampalataya sa Dios na tutulong sa atin na madaig na ang kaalamang ibibigay ng Dios sa lahat ng ating pangangailangan at magbibigay-daan sa atin na malampasan ang microchip na iyon. Ngayon ay ang panawagan para sa karunungan ng Dios na kailangan natin ngayong labanan ang masasamang pwersa na darating laban sa atin upang linlangin tayo. Na kailangan talaga nating lubos na magtiwala sa Dios para sa lahat ng ating pangangailangan at na Siya ang magbibigay daan sa atin upang malagpasan ang lahat ng hirap ng buhay kapag lubos nating ipinagkatiwala sa Kanya, at manalangin sa Kanya at hilingin sa kanya na tulungan tayo. Ang unang hayop ay isang huwad ng kapangyarihan at pagkabuhay ni Cristo, na parang nabuhay mula sa pagkakasugat. Ang pangalawang hayop ay nagsusulong sa unang hayop sa pamamagitan ng panlilinlang tungkol kung sino talaga si Cristo. Sa ***Pahayag 12,*** Natalo si Satanas sa digmaan at sinimulan niyang labanan ang binhi ng babaeng sumusunod sa mga utos ng Dios at sa patotoo ni Jesus. Kaya sa Pahayag 13 ay naglalarawan kung paanong panatilihin ni Satanas ang kanyang posisyon sa lupa upang makabuo ng isang huwad na panlilinlang para lituhin ang mga tao mula sa paniniwala kay Cristo, sa pamamagitan ng paggamit ng unang hayop na lumilikha ng isang mapaglapastangan na huwad na Cristo at ang pangalawang hayop na lumilikha ng panlilinlang na ang mga hindi mananampalataya ay maniniwala sa unang hayop na maging tulad ni Cristo. Ngayon kung ano ang ibig sabihin, ***"Ang may pagkaunawa ay bilangin ang bilang ng hayop;?*** Mayroong maraming saloobin at paliwanag ng bilang ng 666 sa mga paliwanag na binasa Ko. Ang ilan ay ginawa nila na ang bilang na 666 upang tumugma sa ilang taon, o upang tumugma sa ilang mga dios-diosan at sumasamba sa mga dios-diosan, o ilang mga kaganapan, o ilang mga kategorya ng mga tao, at iba pa. Ngunit hindi ako kumbinsido sa alinman sa mga iyon, at ang tanging konklusyon na mayroon ako ay ito: Ang paglalarawan ng kapangyarihan ng marka ng hayop ay ang kontrol nito sa ekonomiya at komersyo. Maaaring bilang mga pangyayari, ay magaganap ngayon o pagkatapos ng rapture, ngunit ang pangunahing kasangkapan ng panlilinlang ni Satanas ay at ito ay magiging kontrol sa komersyo, na ang mga tao ay maglalagay ng kanilang tiwala sa mammon (pera) at hindi sa Dios. Ang panlilinlang ni Satanas ay maaaring nakasentro sa mga tao na nagsisikap na pilitin silang sumamba kapwa sa Dios at sa kayamanan (materyal na mga bagay), na nalalaman na ang mga iyon ay hindi katanggap tanggap, sapagkat ***"Sinoma'y hindi makapaglilingkod sa dalawang panginoon: sapagka't kapopootan niya ang isa, at iibigin ang ikalawa: o kaya'y magtatapat siya sa isa, at pawawalang halaga ang ikalawa. Hindi kayo makapaglilingkod sa Dios at***

***sa mga kayamanan." (Mateo 6:4 KJV)*** Samakatuwid sa gayong panlinlang ang mga tao ay magkakaroon ng higit na tiwala patungo sa pananalapi at kung anong magagawa ng pera sa kanilang buhay nang higit sa kanilang pagtitiwala sa Dios, Magkakaroon sila ng maling pakiramdam ng seguridad hangga't mayroon silang materyal na mga bagay. Kaya naman sisikapin ng diablo na maglagay ng mas maraming pinansiyal na panggigipit sa mga tao upang subukang hilahin sila palayo sa Dios upang dalhin sila sa kanya. Kaya, kailangan nating maunawaan at tanggapin na ang pag uusig ngayon at sa mga araw na darating ay tungkol sa pananalapi. Maaaring ilagay tayo ng diablo sa mas maraming parusa at pilitin tayo sa pananalapi upang pilitin tayong makipagkompromiso, at magpadala sa kanyang katiwalian, upang iwanan natin si Cristo at ang Kanyang mga landas. Samakatuwid, mas kailangan nating magtiwala sa Dios at magtiis na mangaral at ipamuhay ang Salita ng Dios at maging mabuting katiwala sa kung ano ang ibinibigay sa atin ng Dios mula sa materyal na mga bagay, at magpakita ng mabubuting halimbawa sa iba na dapat tularan.) ***(Pahayag 13:1-18 KJV)***

***Sa aking mahal at minamahal:*** Nang sinabi ng Salita ng Dios ***"Sapagka't siyang bilang ng isang tao:"*** maaring sabihin natin ang sumusunod tungkol sa bilang ng hayop: Ito ay bilang ng tao at ng hindi ng Dios. Na binilang na ng Dios ang mga araw ng Kanyang mga kaaway, yaong mga nag aalsa laban sa Kanya, sapagkat ang Kanyang Kaharian ay mananatili magpakailanman. ***"Sapagka't siyang bilang ng isang tao:"*** sapagkat ang tao ay mortal na kapangyarihan at kaayusan na hindi makatatayo laban sa Dios at sa Kanyang kapangyarihan, samakatwid ang mga nagtiwala sa Dios ay magtatagumpay sa anumang gawin ng diablo laban sa atin ngayon man o sa panahon ng kapighatian.

Bumalik tayo ngayon sa Dios sa pagsisisi. Ibigay natin ang buong pagtitiwala sa Kanya, na anumnag mga pagsubok na pagdaanan natin, tayo'y magtiwala sa Kanya na itataas Niya tayo nang matagumpay mula doon. Manindigan tayong matatag at huwag bumigay sa lahat ng mga panggigipit at pag uusig ng diablo, nalalaman na walang tunay na buhay at walang kaligtasan sa kasamaan.

Gumising tayo at maging mapagmatyag at mapanuri sa lahat ng panlilinlang na maaaring gamitin ng diablo sa ating paligid at laban sa atin upang lituhin tayo upang ilayo tayo sa pagsunod sa Dios, at akitin tayo na gumawa ng maling desisyon at sundin ang mga mapanlinlang na paraan na maglalayo sa atin kay Cristo at malayo sa Kanyang kalooban at layunin sa ating buhay.

Tayo ay manalangin…

***Ang aking panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat para sa iyong Salita na nagbigay sa akin ng mga kaunawaan, babala at pagtataguyod upang manindigang matatag, makinig, at mapagbantay at mapanuri at handang makibaka ng mabuting pakikibaka hanggang sa huli, sa panahon na ikaw darating upang kunin kami.*

*Diablo sinawasay kita sa pangalan ni Jesus. Iginagapos ko ang lahat ng kasinungalingan, panlilinlang, katiwalian, manipulasyon at mga huwad na himala at maling pagpapagaling ng diablo sa pangalan ni Jesus, at itinaboy ko ang lahat ng ito sa pamamagitan ng dugo ni Jesus mula sa aking buhay at mula sa buhay ng aking mga kapatid at mula sa Simbahan ng Dios sa pangalan ni Jesus, Amen.*

*Lumapit tayo ngayon sa Dios at talikdan ang lahat ng ating mga kasalanan at sa gayon ay walang panghahawakan ang diablo sa ating buhay. Iwaksi ang takot sa tao, talikuran ang kawalan ng tiwala sa Dios, talikuran ang pagibig sa pera, at ang iyong kawalang kahandaang maglingkod sa Dios, ang iyong kawalang kahandaang magdusa at mamuhay para sa Kanya. Iwaksi ang iyong kamunduhan, katiwalian, kompromiso kasinungalingan, imoralidad, at pagkaalipin sa mga laro, balita at Media. Iwaksi ang iyong masamang pangangasiwa at ang iyong masamang halimbawa sa ibang tao sa paligid mo sa pamamagitan ng paraan ng buhay na iyong ipinamumuhay.*

*Panginoon patawarin mo ako, Ako'y nagsisisi sa sumusunod na mga kasalanan ____________________________________________________.*

*Panginoon Aking ipinapangako ang aking sarili na ilapat ang Aking natutunan sa mensaheng ito sa aking buhay, sa buhay ng aking pamilya at ministerio. Panginoon ipinapangako ko ang aking sarili na maglingkod sa iyo at ipamuhay ang paraan ng buhay n nais mong ipamuhay ko hanggang dumating ka upang dalhin kami sa Langit.*

*Panginoon hinihiling ko sa iyo na tulungan mo ako at iligtas sa pagsubok na ito sa aking buhay __________________________, at sa sumusunod na problema __________________, at sa mga sumusunod na tao ________________________ .*

*Panginoon salamat sa aking mga Kapatid na nagsisi at nagtalaga ng kanilang buhay upang mamuhay sa kabanalan at maglingkod sa inyo at ipahayag ang iyong Salita at magpakita ng mabuting halimbawa sa iba. Panginoon protektahan mo sila mula sa lahat ng mga pag uusig, at bigyan mo sila ng pagtitiyaga na tiisin ang panggigipit ng diablo at maglaan para sa kanila upang patuloy silang maglingkod sa iyo.*

*Panginoon pagpalain kami bilang iyong simbahan, protektahan kami mula sa lahat ng pag uusig at bigyan kami ng pagtitiis ta karunungan upang tiisin ang lahat ng pagmamanipula ng diablo hanggang dumating ka at dalhin kami sa Langit. Panginoon puspusin kami ng espirituwal na mga kaloob na kailangan naming yumaon at mag evangelio upang maabot ang bagong mga tao ng evangelio ni Jesus at gumawa ng bagong mga alagad. Panginoon patnubayan kami upang magsanay ng bagong mga manggagawa at magtanim ng bagong mga pag aaral ng Biblita at bagong mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios.' Panginoon pagpalain kami, palawakin an gaming lupain sumaamin nawa ang iyong kamay upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Ang Buhay Pagkatapos ng Kamatayan Yugto 14. Pahayag Mga Kabanata 13. Ikalawang Pagparito ni Cristo - ang Kapighatian. Pahayag 13:1-18. Pahayag 4:6. Mateo 6:24.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com